MAHALAGANG ULAT PARA SA MGA MAGULANG TUNGKOL SA PAGSUSURI NG MGA SANGGOL NA BAGONG PANGANAK

California Department of Health Services

Newborn Screening Program
Genetic Disease Branch
2151 Berkeley Way, Annex 4
Berkeley, CA 94704
(510) 540-2534

TAGALOG 1993

ISANG PAGSUSURI NA DAPAT MATANGGAP NG IYONG BAGONG SANGGOL

Pagkatapos na maisilang, ang iyong sanggol ay agad na magkakaroon ng pagsusuri ng dugo. Sa California, ay ipinag-uutos ng batas na ang iyong sanggol ay dapat na magkaroon ng "Newborn Screening Test" (Pagsusuri sa mga Bagong Panganak) para sa:

- **PKU (Phenylketonuria)**- Ang kakulangan ng isang uri ng sustansiyang panunaw (enzyme) na lumulusaw sa isang uri ng proteina.
- **Galactosemia**- Ang kakulangan o pangangapos ng isang uri ng sustansiya panunaw (enzyme) na lumulusaw sa galactose (isang uri ng asukal).
- **Hypothyroidism**- Isang uri ng sakit na nagmumula sa kakulangan ng "hormones" na nanggagaling sa "Tiroyde" (Thyroid glands).
- **Sickle Cell Disease** at iba pang mga sakit sa dugo- isang uri ng sakit o kalagayan na nagmumula sa hindi wastong paglaki o masamang pagkabuo ng mga "selula"(cells) ng dugo.

Ang iyong sanggol ay mangangailangan din ng regular at mahusay na pangangalaga upang masiyasat ang iba pang suliranin niya sa kalusugan.

TIYAKIN NA ANG IYONG SANGGOL AY MASUSURI

Ang mga sanggol ay maaring magmukhang napakalusog pagka-panganak, nguni't maaaring mayroon ng isa sa mga sakit na ito. Ito ang dahilan kung bakit ang iyong sanggol ay dapat na suriin bago ilabas sa ospital. Hilingin sa iyong doktor o komadrona na tiyakin sana nilang maisagawa ang pagsusuri.

Ang mga sanggol na hindi ipinanganak sa ospital ay dapat ding magkaroon ng pagsusuring ito. Ito ay dapat na gawin bago sumapit ang ika-anim na araw matapos ipanganak ang iyong sanggol. Tawagan ang iyong doktor o ang Kagawaran ng Kalusugan (Health Department) upang maisagawa ang pagsusuri ng iyong sanggol.

ANG PAGSUSURI AY LIGTAS

Ilang patak ng dugo ang kukunin mula sa talampakan ng iyong sanggol. Ito'y isang madali at ligtas na pagsusuri. Ang dugo ay ipadadala sa isang laboratoryo na pinahintulutan ng Estado upang magsuri.

MAGKANO ANG HALAGA NG PAGSUSURI?

Ang bayad ay maaaring magbago. Mangyaring tawagan ang iyong doktor o pagamutan para sa kasalukuyang halaga ng pagsusuri. Ang Medi-Cal, mga palatuntunan ng kalusugan, at ang karamihan sa mga segurong pribado ang magbabayad sa pagsusuri.

PAPAANO KO MAKUKUHA ANG RESULTA NG PAGSUSURI?

Makukuha mo ang resulta ng pagsusuri mula sa doktor ng sanggol o mula sa klinika. Ito'y maaaring magtagal ng mga dalawang linggo. Kung kinakailangan ng sanggol ang karagdagan pang pagsusuri ay makatatanggap ka ng liham o ng tawag sa telepono.

Kung ikaw ay lilipat ng tirahan pagkatapos ng pagsusuri ay tiyakin mong ang doktor ng bata o ang mga kawani ng klinika ay batid ang iyong bagong tirahan at telepono.

MAAARI BA AKONG TUMANGGI SA PAGSUSURI?

Maaari ka lamang tumanggi sa pagsusuri sa dahilan ng pananampalataya. Kapag ikaw ay tumanggi, ay dapat kang lumagda sa isang kasulatan na nagsasabing ang ospital, ang iyong manggagamot at ang mga kawani ng ospital ay walang pananagutan kapag ang iyong sanggol ay magkaroon ng suliranin mula sa mga sakit na ito.

ANG MAAGANG PAGGAMOT AY MAKAPIPIGIL SA MGA MALULUBHANG SULIRANIN

Ang mga sakit na ito ay maaaring magbigay ng mga mabibigat na suliranin sa kalusugan. Nguni't ang maagang paggamot ay makatutulong sa iyong sanggol. Ang walang bayad na dayagnosis para sa mga pagsusuri ay matatamo sa isang ospital na aprobado ng California Childrens Services (Paglilingkod para sa mga Bata ng California) sa inyong purok.

- **PKU (Phenylketonuria)**

Ang mga sanggol na ipinanganak ng may PKU ay nagkakaroon ng suliranin kung sila ay kakain ng mga pagkaing mataas sa proteina tulad ng gatas, kabilang ang gatas ng ina at ng pormulang tinimpla, karne, itlog at keso. Kung hindi magagamot, ang mga batang ito ay maaaring maging sintu-sinto.

- **Galactosemia**

Ang mga sanggol na may sakit na ganito ay hindi makakakain ng asukal sa gatas, sa pormulang tinimpla, at sa gatas ng ina at iba pang pagkain. Ang sakit na ito ay pumipinsala sa mga mata, atay at utak ng sanggol. Isang tanging diyeta ang makapipigil sa mga suliraning ito.

- **Hypothyroidism**

Ang mga sanggol na ipinanganak ng may suliraning ito ay kulang sa thyroid hormone. Kung wala ang **hormone** na ito, ang kanilang paglaki ay mabagal at sila ay magiging sintu-sinto. Ito ay maiiwasan sa pagbibigay ng isang tanging gamot sa sanggol araw-araw.

- **Ang Sakit na Sickle Cell at iba pang Sakit sa Hemoglobin**

Ang mga sakit ito ay nakapipinsala ng pulang selula sa dugo ng sanggol. Ang mga sanggol ay maaaring lumubha at mamatay sa pangkaraniwang impeksyon. Karamihan sa mga impeksyon ay mapipigil ng **antibiotics**. Ang mga sanggol na may sakit nito ay mangangailangan din nang panghaabangbuhay na pangangalaga sa mga suliraning nanggaling sa mga sakit na ito.